



Gabay sa Kayamanan

Kapatid, narito ang ilang mga basic na gabay para sa pangangasiwa sa ating kayamanan.

1. Matuto ka magbudget para sa sarili at pamilya:

Gumawa ng budget para ma-monitor ang iyong kita at gastusin.

Importante na mas malaki ang kita kesa sa gagastusin para hindi mababaon sa utang.

Magtabi ka din para sa savings.

Alamin kung saan napupunta ang iyong pera at magtakda ng limitasyon sa bawat bahagi ng iyong buhay.

Alamin ng mabuti kung alin ang pangangailangan (needs) at kagustuhan (wants). Ang bigyan pansin una ay ang pangangailangan.

2. Magtabi ka ng ipon mo:

Magtakda ng percentage ng iyong kita na itatabi para sa savings at hindi mo gastusin. Pwedeng ilagay mo na 10 to 20% ng kita mo ang itatabi mo kada buwan.

Ang sobrang hindi ginastos ay mapupunta sa savings na pwede kunan para sa ibang karagdagang pangangailangan.

Unahin mo ang pagtanggap ng savings mula sa kita mo bago mo bawasan ito sa iba ibang gastusin.

Pwede mo ilagay ang ipon mo sa bangko, sa mga nakatagong lugar sa bahay o sa alkansya. Ito ay para mag-isip ka muna ng mabuti bago mo gamitin ang perang nasa ipon mo.

3. Matuto ka gumamit ng digital wallet:

GCash, Maya at iba pang katulad ay paraan din para makatanggap at makapadala ka ng pera ng mas convenient. Pwede din maglagay ng kaunting ipon diyan basta maingat ka sa mga phishing scam na hihingin ang OTP or one time password mo para hindi ka ma-hack.

Para makakuha ka ng digital wallet, kailangan mo ng valid ID.

Maganda rin na may digital wallet ka para mabilis ka makatanggap o padala ng pera lalo na kung may kabuhayan o negosyo ka.

4. Matuto ka din gumawa ng bank account.

Ang bank account ay mahalaga para mas madaling makatanggap at padala ng pera. Kadalasan ay mas magiging maingat din tayo sa pera kung nakatabi ito sa bangko kesa nasa wallet lang natin.

Isa ding safety ito para sa atin kung halimbawa manakawan tayo ng pera sa wallet o bahay, o manakawan din tayo ng cellphone - mayroon pa din tayong pera sa bangko.

Kadalasan ngayon ay pwede na din gamitin ang mga banking apps para mag-online banking so pwede mo i-manage ang pera mo kahit malayo ka sa bangko. Kaugnay ang online banking sa mga online wallets kasi pwede ka magsend ng pera mula bangko sa online wallets at vice-versa.

5. Magpili ng trabaho at galingan mo.

Kung mayroon kang skill na mahalaga, makakapagtrabaho ka. Maganda makapili ka ng trabaho na mabibigyan ka ng karampatang sahod para sa trabaho mo.

Sa patuloy na paghasa ng kakayahan mo ay makakuha ka ng promotion at mas mataas na sahod. Mas lalaki din tuloy ang maiipon mong pera.

Lahat ng pera natin sa mundong ito ay nanggaling sa pagpapahalaga ng tao sa produkto o serbisyong naibigay natin sa kanila - o di kaya galing sa mga ninuno natin na nagsikap din at nakaipon ng kayamanang pinapasa sa atin.

Nguni't kung tutuusin talaga, lahat ng pera ay dulot ng kakayahan na napahalagahan ng tao dahil nakasolusyon ito ng problema nila - kaya binayaran tayo para diyan.

6. Gumawa ng negosyo.

Bagama't hindi naman kailangan talaga gawin lalo na kung ang trabaho mo mismo ay malakas na nga ang kita at minsan mas kailangan mo na lang mas galingan pa sa trabaho para mas mapahalagahan ka lalo - isang posibleng gawin ay ang paggawa ng negosyo.

Kung nakaipon ka na ng kaunti, may diskarte ka at may lakas na loob para sumabak sa risk, pwede ka gumawa ng sarili mong negosyo na naksalalay din sa kakayahan at kaalaman mo.

Kadalasan ay konektado din ito sa ginawa mong trabaho kasi ang tinrabahuhan mo siyempre ang mas nalalaman mo.

Kailangan magsikap ka para sa patuloy na pag-aaral sa pinasok mong linya ng negosyo para maging matagumpay. Sa negosyo importante ay mas malaki ang kita kesa sa gastos para ang sobra ay maibalik sa puhunan para lumaki ang puhunan at negosyo.

7. Investments:

Pag-aralan ang iba't ibang uri ng investments or financial instruments katulad ng stocks, mutual funds, at real estate.

Malalim na usapin ang iba't ibang uri ng financial instruments katulad ng mga nabanggit dito, pero sa simpleng usapin ay lahat yan may mga risks at rewards na kailangan timbangin.

Kung pag-iisipan natin ng mabuti, ang lahat ng mga investment na ito ay paglalagay ng pera sa iba't ibang negosyo na malalaki at nakalista sa public stock market.

Pero lahat naman ay risk katulad lang din na risk ang pag-invest mo din sa sarili mong negosyo. Wala tayong kasiguruhan sa pagtagumpay or gaano kalaki ang tagumpay - at may chance talagang bumagsak. Pero nasa sa atin nga para aralin ang mga posibleng risks and rewards ng mga investment.

Maganda mag-consult sa financial advisor para sa tamang investment strategy base sa iyong layunin.

8. Pag-ambag sa Retirement Fund:

Iba pa ito kesa sa savings na iniipon mo mula sa kita mo buwan-buwan. May mga fund para sa retirement katulad nga ng iniipon natin sa SSS. Hindi

maiwasan na balang araw darating ang panahon na hindi na tayo masyado makatrabaho katulad ng dati. Tumatanda na tayo at humihina ang katawan.

Bagama't pwedeng maagapan na malakas pa din kahit paano kung healthy ang lifestyle natin, hindi maiwasan na kailangan natin ng mas magandang pamumuhay at makakatulong ang ipong pera para diyan.

Kunsagayon, mas magandang mag-ambag tayo sa retirement fund o provident fund.

Planuhin ang iyong retirement para magtagumpay ito.

9. Magtabi para sa Emergency Fund:

Isa itong pagpapaliwanag sa isang purpose ng ipon na itatabi mo kada buwan.

Nagpapaalala ako dito sa importansya ng pag-ipon para sa emergency kasi darating talaga ang araw na may mangyayaring mga bagay na hindi maaasahan kaya dapat lang may nakalaan tayo para dito.

Mas magandang tiisin natin ang pabili ng mga luho pero may ipon tayo para sa mga disgrasya o pagpapagamot.

10. Edukasyon sa Pinansyal:

Nagbigay ako ng mga basic sa gabay na ito pero hindi ko maisasabi ang lahat ng tungkol sa pinansyal sa maikling sulatin na ito.

Kung kaya't mas maganda na patuloy tayong nag-aaral sa lahat ng usaping pinansyal.

Magbasa ka ng mga aklat, manood ng mga video at dumalo sa mga pagtitipin tungkol sa pagpangasiwa ng pera.

Alamin mo din ang iba't ibang paraan para palakihin at pag-ingatan ang pera.

11. Pag-limita sa Utang:

Wag kang utang masyado. Ganoon lang kasimple. Kung maaari nga ay wag sana ka umutang talaga kung di naman kailangan.

Kung mangutang ka, siguraduhin mong kaya mong bayaran - kasama na ang mga interes sa pagcompute.

Huwag gumamit ng credit card na wala ka namang kita o pagkukunan ng pera para pambayad.

12. Paglimita sa Pagpautang:

Limitahan mo ang pagpapautang mo. Magtira ka para sa sarili mo.

Para hindi sumama ang loob ng tao sa yo, pwede mong pagbigyan at pautanging pero maliit lang na halaga na kaya mong pakawalang pera.

Siguraduhin mo na ang ipapautang mo ay kaya mo nang pakawalang pera kasi maaaring hindi na bumalik sa yo ito.

13. Pagpaplanong Pang-Estate:

Kung ang iyong yaman ay malaki, magkaruon ng plano para sa pamamahagi nito pagdating ng panahon.

Mas maganda ay makahanda agad kesa makamatayan at magkagulo-gulo ang mga tao sa pag-agawan sa kayamanan.

Iwasan ang problema sa estate taxation sa pamamagitan ng maayos na plano.

Kung maihati-hati mo na ang kayamanan bago mamatay, mas kaunti ang magiging tax o fees na bayaran ng mga maiiwan.

14. Pagsusuri nang regular:

Suriin at balikan ang iyong financial goals at gumawa ng mga adjustment kung kinakailangan.

Tingnan ang daloy ng pera papasok at palabas sa daily, monthly, quarterly at yearly na mga panahon at magplano ayon sa makitang mga pagkilos ng pera.

15. Makipag-usap sa financial advisor / planner.

Maganda ay mayroon ka talagang hilingan ng tulong na mas maalam sa pera.

Mas maganda ay tingnan mo ang sarili niyang buhay kung ok ba ang pagpangasiwa niya sa sarili niyang pera. Diyan mo malalaman kung karapatdapat ba talaga siyang pagkatiwalaan sa pera mo.

May mga propesyonal na financial advisor na pwede mo talaga bayaran para mabigyan ka ng payo. Mayroon din naman na mga kamag-anak o kaibigan kang pwedeng malapitan para humingi ng tulong tungkol sa pinansyal na payo.

Pwedeng mag-schedule kayo ng meeting kada buwan o quarter. Tapos kung may malaking desisyon kayong gagawin sa pera niyo, pwede niyo siya kausapin.

16. Pagpapahalaga sa Paghihirap:

May kaakibat na pagsisikap ang lahat ng pagkita ng pera, kung kaya't dapat pahalagahan ang pera bilang produkto ng pagpawis natin para dito.

Iwasan ang hindi kinakailangang luho at siguruhing ang bawat gastusin ay may tamang dahilan.

Mahalin ang mga bagay na may tunay na halaga at makakatulong sa iyong personal na pag-unlad.

Mas magandang unahin ang mga bagay na maaaring mahal pero tatagal, matibay at kailangan talaga kesa sa mga luho na hindi naman talaga kailangan pero gusto lang natin bilhin para mag mukhang sosyal.

Mas ok pa na mukha tayong mahirap pero may ipon sa bangko kesa mukha tayong mayaman pera wala tayong ipong pera.

17. Wag magsugal.

Isa sa pinakamabilis magpaubos ng kayamanan ay ang pagsusugal.

Malaki ang tentasyon sa sugal dahil pwedeng mabilisan kang yumaman, pero pwedeng mabilisan ka ding maghirap. Kung sa casino ka maglalaro, karamihan talaga sa maglalaro ay matatalo.

Kung kaya't ang maipapayo ko ay wag kang magsugal at sa halip mag-invest ka na lang sa sarili mong negosyo o sa mga funds na negosyo din ng iba na mas may kasiguruhan pang kumita kesa sa sugal.

— — —

Huling salita:

Huwag kalimutan na ang pagmamanage ng kayamanan ay isang continuous na proseso. Mas maganda na umpisahan ito nang maaga at magkaruon ng disiplina sa pag-follow ng mga plano.